



Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG UNANG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 03 ENERO 2007, IKA-09.30 NG UMAGA SA BUTWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Cesar T. Baticos	- Tagapangulo
Konsehal Agustin L. Cusi	
Konsehal Eduardo K. Soriano	
Konsehal Mac Arlene M. Talens	
Konsehal Juanito A. Bacay, Jr.	
Konsehal Juan S. Advincula	
Konsehal Hernan C. Ererita	
Konsehal Gemar C. Montesa	
Konsehal Larry V. Salazar	- Pangulo, Liga ng mga Barangay

Ilindi Nakadalo:

Konsehal Jovito D. Estrada	
Konsehal King Philip B. Dimapilis	- Pangulo, Pambayang Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

KAPASYAHAN BLG. 002
Taong 2007

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TATUPTUONG
PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI KAY BB. IRMA
V. VIRAY AT MGA KAAKAP SA PAGPANAW NG
KANILANG MINAMAHAL NA INA, GNG. AMADA
VILLONES VIRAY.

SAPAGKA'T, sa kulturang Pilipino, ang pamilya ay simbolo ng pagkakaisa at pagdaramayan ng lahat ng bumubuo nito sa kasaganaan man o kahirapan;

SAPAGKA'T, sa kaisipang ito, ang pagpanaw ng isang miyembro ng pamilya, lalo pa't ng isang ina ay lubhang dinaramdam at ikinalulungkot ng mga anak at kaanak nito;

SAPAGKA'T, ang ina ang maituturing na pinakadakilang nilikha ng Diyos na pinagtiwalaan ng mabigat na tungkulin at responsibilidad mula sa pagdadala ng sanggol sa sinapupunan hanggang sa pagluluwal at pag-aaruga sa paglaki nito;

[Signature]

[Signature]

[Signature]

SAPAGKA'T, kahit ang pansamantalang paghihiwalay ng ina sa anak ay nagdudulot din ng kalungkutan, ano pa kaya kung ang inang ito ay tihuyan nang mawala sa daigdig;

SAPAGKA'T, ang minamahal na ina ni Bb. Irma V. Viray ay humarap na sa Lumikha at bagama't ito ay lubos nilang ikinalulungkot, naiwan naman ay mga alwala ng isang mapagmahal, mapag-aruga at mapagkandiling ina;

SAPAGKA'T, ang Sangguniang Bayan ng Roxas at ang mga namumuno at mga kawani ng pamahalaang bayan ay lubos na nakikiramay kay Bb. Irma V. Viray, sa kanyang mga kapatid at mga kaanak sa pagpanaw ng kanilang mahal na ina, Gng. Amada Villones Viray.


DAHIL DITO, sa nagkakaisang mungkahi ng lahat

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot kay Bb. Irma V. Viray, mga kapatid at mga kaanak ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Sangguniang Bayan at ng mga namumuno at mga kawani ng pamahalaang bayan ng Roxas, Silangang Mindoro sa pagpanaw ng kanilang ina, Gng. Amada Villones Viray.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito kay Bb. Irma V. Viray, sa mga kapatid at mga kaanak nito lakip ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati.


Pinagtibay ng lahat. 03 Enero 2007

PINATUTUNAYANG WASTO:



FERDINAND V. TALENS, MPA
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATITIBAYAN:



CESAR T. BATICOS
Pangalawang Punong Bayan /
Tagapangulo

PINAGTIBAY:



JESUS M. DIMAPILIS
Punong Bayan

